



Panukalang Pagpataw sa Transportasyon

Draft para sa Public Input

- ✓ Sa loob ng nakaraang 18 taon, suportado ng mga botante sa Seattle ang mga levy sa transportasyon na nagpapabuti sa ating mga kalsada, bangketa, tulay, at traffic signals.
- ✓ Ang Levy to Move Seattle, na magtatapos sa dulo ng 2024, ay kumakatawan ng mga 30% ng badyet ng Kagawaran ng Transportasyon ng Seattle para sa mga pangunahing serbisyo at bagong proyekto.
- ✓ Ang pagpataw na inilarawan sa dokumentong ito ay inirerekomenda na maging \$1.35 bilyon sa loob ng 8 taon, na sumasalamain sa pangangailangan para sa kaligtasan at pagpapanatili ng ating imprastraktura sa transportasyon, ang epekto ng inflasyon, at ang patuloy na pagtaas ng gastos sa konstruksyon.
- ✓ Ang 9-taon, \$930 milyon na Levy to Move Seattle ay pumasa noong 2015 at nagkakahalaga ng mga \$24 kada buwan para sa may-ari ng isang property sa Seattle na may katamtamang halaga (nakahalaga ng \$866,000).
- ✓ Ang panukalang pagpataw ay magkakahalaga ng mga \$36 bawat buwan para sa karaniwang may-ari ng bahay sa Seattle, halos \$12 higit bawat buwan kumpara sa kasalukuyang pagpataw.
- ✓ Ang pagpataw na ito ay magpapagawa ng mga kalsada, magpaparepaso ng mga tulay, magtatayo ng mga bangketa at mas ligtas na kalsada, magpapabuti ng koneksyon sa mga light rail stations at transit, at magpapagawa ng ligtas na mga ruta para sa paglalakad, pagba-bike, at pagro-roller.



Alamin pa ang tungkol sa Panukalang Pagpataw sa Transportasyon at magbigay ng iyong opinyon.

www.seattle.gov/transportation/levy

Panukalang Pagpataw sa Transportasyon

Ipinapunukala ni Mayor ang 8 taon at 1.35 bilyong levy para ma-renew ang kasalukuyang levy na matatapos ngayong taon, na nagbibigay ng pundasyon para sa mga investment sa buong lungsod.



Ang mag-eexpire na Levy to Move Seattle ay kumakatawan ng mga 30% ng badyet ng (Seattle Department of Transportation, SDOT) para sa core services at bagong mga proyekto. Alamin ang panukalang pagpataw at ibahagi ang iyong feedback sa

www.seattle.gov/transportation/levy

-  Isaayos at muling gawin ang 38% ng pinakaabalang mga block kung saan hindi na maganda ang kondisyon ng mga kalsada.
-  Ayusin ang 20% ng Pangunahing Mga Kalsada para sa Trak na hindi na maganda ang kondisyon.
-  Mag-upgrade ng mekanikal na mga sistema para mapanatiling gumagana ang ating mga moveable Ship Canal bridge.
-  Kaagad na ayusin ang 34,000 depekto sa mga lakaran at mapalitan ang mga ito.
-  Isaayos ang hindi bababa sa 15 sa ating pinakaabalang mga kalye para makapaglakad, makapamasyal, makapagbisikleta, at makapagbiyahe ang mga tao.
-  I-update ang signal timing sa 40 corridor.
-  Mag-install ng bagong mga traffic signal na nagpapabuti sa daloy at kaligtasan ng mga tao at produkto.



-  Suportahan ang pagtatayo ng 250 block ng mga bagong lakaran.
-  Mag-ambag sa 10,000 bago at accessible na mga curb ramp.
-  I-improve ang mga koneksyon sa paglalakad at pagbibisikleta at ilaw papuntang mga pampublikong paaralan at istasyon ng light rail.
-  Mas ayusin ang bike network sa pamamagitan ng pagtataas ng proteksyon, pagpapahusay ng pangangalaga, at pagsasara ng mga gap.
-  Mag-install ng head-start pedestrian walk signal sa 280 interseksyon.
-  Ipatupad ang mga proyektong pangkaligtasan sa 12 o higit pang mga kalsada na may pinakamaraming aksidente.
-  I-upgrade ang 30% ng kasalukuyang protektadong mga bike lane na may mas maaasahang mga barrier.
-  Lumikha o magdagdag ng 5 o higit pang mga kalsadang pampamayanan.
-  Mas ayusin ang 5 sa pinakanaantalang ruta sa pagbiyahe.
-  I-upgrade ng 2 abalang ruta ng bus sa mga lugar na prayoridad ang pagkakapantay-pantay.
-  Magdagdag ng 2 east-west transit corridor na nagbibigay ng access sa mga light rail station.
-  Bumuo ng 160 proyekto na gagawing mas maaasahan, pantay-pantay, at liggtas ang pagbiyahe.
-  Makipagtulungan sa komunidad upang suportahan ang mga opsyon sa pagsingil ng de-kuryenteng sasakyan at mga lugar na mababa ang polusyon.
-  Palawakin ang Neighborhood Street Fund para magtayo ng mga proyektong hinihiling ng mga komunidad.
-  Palawakin ang canopy cover ng puno at pagkakaiba-iba ng mga species ng puno.
-  Pagbutihin ang mga pampublikong espasyo at ilaw ng pedestrian upang ang mga tao ay makapaglakad, makapaglaro, at makapag-enjoy sa mga panlabas na aktibidad nang ligtas.
-  Mag-invest sa maintenance, lighting, wayfinding, at activation para suportahan ang Downtown revitalization.

Mga Investment sa Isang Sulyap

Sa nakalipas na 18 taon, sinuportahan ng mga botante ng Seattle ang mga pagpapataw ng buwis sa transportasyon na nagpapabuti sa ating mga kalye, lakaran, tulay, at mga traffic signal.

Ang panukalang pagpataw na ito ay sumasalamain sa mga pangangailangan sa kaligtasan at pagpapanatili ng ating imprastruktura sa transportasyon. Ang \$1.35 bilyon, 8-taong panukala ay gagastos sa panggitna na may-ari ng bahay sa Seattle ng humigit-kumulang \$12 na higit pa bawat buwan kaysa sa mag-eexpire na Levy to Move Seattle, sa kabuuang \$36 bawat buwan. Popondohan nito ang mga pamumuhunan sa bawat distrito at distrito ng negosyo upang tumulong sa pagbuo ng isang ligtas, maaasahan, at konektadong Seattle.

Ang panukalang pagpataw ay makikinabang sa Seattle sa maraming paraan:

	 Kaligtasan	 Mga taong Naglalakad at Nagro-roller	 Mga taong nagbibisikleta	 Mga sakay sa Transit	 Klima	 Kapitbahayan	 Kabayanan	 Kargamento
Ayusin at pahasayin ang mga kalye na may pinakamaraming bus, trak, at kotse, at gawing mas ligtas para sa lahat na maglakad, gumulong, magbisikleta, at sumakay ng transit (\$423M)	●	●	●	●		●	●	●
Panatilihin ang mga tulay sa maayos at nasa maayos na kondisyon at maghanda para sa hinaharap na mga proyekto ng tulay (\$218M)	●	●	●	●				●
Ligtas na ikonekta ang mga tao sa mga transit hub , kabilang ang Link light rail stations; pagbutihin ang mga hintuan ng bus; at bawasan ang mga pagkaantala sa mga ruta ng bus (\$121M)	●	●	●	●	●	●	●	
Gumawa at mag-ayos ng mga bangketa, tawiran, at mga rampa sa gilid ng bangketa para ang mga taong naglalakad at nagro-roller ay ligtas na makakarating sa kung saan nila kailangan pumunta (\$109M)	●	●	●	●	●	●	●	
Bawasan ang mga banggaan sa trapiko, matinding pinsala, at pagkamatay sa pamamagitan ng mga naka-target na pagpapabuti sa mga kalye, bangketa, interseksyon, daanan, at tawiran (\$107M)	●	●	●	●		●	●	●
Mag-install ng bago at magpanatili at mag-upgrade ng mga signal ng trapiko para sa ligtas, maaasahang paggalaw; pagbutihin ang accessibility ng pedestrian at bike; at sumusuporta sa mga operasyon ng trapiko sa panahon ng malalaking kaganapan at para sa mga biyahe papasok at palabas ng daungan (\$100M)	●	●	●	●			●	●
Palawakin ang protektadong network ng bike lane ng Seattle ; ikonekta ang mga paaralan sa mga daanan ng bisikleta, mga daanan, at mga greenway ng kapitbahayan; at magpanatili at mag-upgrade ng mga kasalukuyang bike lane (\$94M)	●	●	●		●	●	●	
Gawing mas kaakit-akit ang mga pampublikong espasyo at pagbutihin ang liwanag para matamasa ng mga tao ang natatangi at makulay na mga kapitbahayan at mga distrito ng negosyo (\$57M)	●	●	●	●	●	●	●	
Direktang tugunan ang pagbabago ng klima , pagbabawas ng polusyon sa hangin at paggawa ng napapanatiling mga opsyon sa transportasyon na mas magagamit (\$49M)		●	●	●	●	●		●
Bumuo ng mga proyekto na kasama ng komunidad , tumutuon sa mga kapitbahayan na may makasaysayang under investment (\$48M)	●	●	●	●	●	●	●	
Gumawa ng mga pagpapabuti ng kargamento upang suportahan ang mga trak na naghahatid ng mga kalakal at nagbibigay ng mga serbisyo (\$25M)	●						●	●

